

CHAPTER *One*

Tanggap naman nina Love at Mommy Hope na mamamatay na si Lola Kind. Matanda na rin kasi ito at may karamdaman pa sa kidney. Ang hindi lang nila matanggap ay ang mga bayarin ngayon sa ospital at ang pagpapalibing. Nabubuhay rin lang sila sa pension ng namayapa nilang lolo. Ang mommy niya ngayon ay wala nang trabaho dahil nagsara ang kompanya na pinasukan nito at hindi na uli nakahanap ng mapapasukan dahil may-edad na.

Si Love naman ay kapapasa lang sa board exam para sa mga pharmacists at katatanggap lang sa isang botika sa kabilang kalye. Maganda kasi siya at matangkad kaya suki siyang modelo ng mga amateur photographers, promo girl ng mga makeup at car

brands, at minsan ay sumasali sa bikini contests para makatulong sa kanilang mga babayarin.

Biyernes ng gabi namatay si Lola Kind at hindi nga nila makukuha sa ospital ang bangkay kung hindi nila mabayaran ang bill, kaya nangutang sila sa mga pinsan ng mommy niya na marami pang sinabing masasamang salita bago magpahiram ng pera.

“Alam ko ang ugali mo, Hope,” sabi ni Tita Adele. “Mahilig kang mangutang at hindi marunong magbayad. Pero dahil tiyahin ko si Tita Kind, pahihiramin kita, basta ipapangako mo na babayaran mo ’to kapag dumating ang death claims mo sa insurance. Kapag hindi mo tinupad ang mga pinangako mo sa akin, ipapabaranggay kita.”

“Oo, Ate! Pinapangako ko talaga na sa ’yo mapupunta ’yon. Dahil wala na rin si Mama, sa inyo talaga mapupunta ’yon,” parang sa anghel namang tugon ni Mommy Hope.

Si Love ay tahimik lang na bumubuntot sa ina para maghanap ng pera. Nang mabayaran nila ang bill na one hundred twenty thousand ay binigyan na sila ng clearance ng ospital na puwede nang mailabas ang bangkay ni Lola Kind. Tinawagan ni Mommy Hope ang *Istajera Funeral Homes* para ito na ang

kumuha sa bangkay. Nasa dulo lang kasi ito ng kalye nila, bandang highway, kaya baka puwede nilang mapag-usapan na utang muna ang serbisyo nito.

Nang mailipat na ang bangkay, pumunta sila sa *Funeraria Istajera*. Isa itong gusali na may apat na palapag at nasa corner ng Kalye Masilang at ng highway. Matagal na rin sa serbisyo ang mga Istajera. Itinayo ang negosyo ni Manoling Ty Istajera noong 1960s. At minana na ng tatlong anak na babae na sina Dally Day, Celia, at Cherry. Sa tatlo ay si Celia lang ang nakapag-asawa, at si Tom Istajera-Cario ang anak nito sa namayapang asawang dating kapitan ng barko.

Dati doon lang ang punerarya ng mga Istajera, ngayon ay meron na itong pitong branches sa Metro Manila at pinamamahalaan ni Tom Istajera. ‘Istajera’ ang tawag nila rito, imbis na iyong apelyido nitong Cario, dahil sa lugar nila, mas kilala ang Istajera. Sa Kalye Masilang ay kita na nila ang maliwanag na gintong signage na ‘Istajera’ kahit pagkagising pa lang nila.

Pumunta sila sa opisina ng punenarya sa ground floor at nandoon nga si Miss Dally Day, nagkukuwenta ng mga accounting books, kasama nito ang matandang dalagang sekretarya nito, na

pinsan nila.

“Hello!” parang sa anghel na bati ni Mommy Hope sa dalawa, kasabay ng isang ngiti.

“Condolences,” sagot naman ng dalawa sa walang kangiti-ngiting mukha. Kilala ang mga ito na primera istrikta at makadiyos.

Deadma naman sa paligid si Love. Bumuntot lang siya sa ina papasok sa silid kung saan abala sa mga papeles si Mr. Tom Istajera. Naka-coat and tie ito tulad ng nakagawian ng lalaki. Palaging may burol sa walong funeral homes nito, kaya palagi itong ‘pormada’.

“Sir, may matatanggap namang death claims si Mommy Kind,” umpisa ng mommy niya. “Ang hinihingi ko ay kung makakahintay po kayo dahil doon ko po sana kukunin ang pambayad.”

“Wala naman pong problema sa akin, ma’am. Magkalapit lang naman tayo. Iisang kalye lang kaya bakit ko kayo hihindian?” sagot ni Mr. Tom sa malumanay na boses.

Napatingin si Love sa binata. Minsan lang naman niyang nakikita ang lalaki dahil nga busy ang lahat ng tao rito sa Maynila. Sa tuwing nakikita niya ang lalaki, naalala niya talaga ang mga pelikulang *Addam's Family* at *Forrest Gump*. *Addam's Family*

dahil nga palagi itong nakaitim, at *Forrest Gump* dahil nerdy ang dating ng binata sa suot nitong makapal na salamin sa mata. Minsan naalala niya rin ang pelikulang *Superman* dahil kahawig nito ang yumaong aktor na si Christopher Reeve sa square nitong panga at sa pangangatawan. May hitsura naman ito dahil mestizo, matangkad, at mayaman, iyon nga lang ang personality ay parang carbonara na nakulangan ng sarsa.

Girlfriend nito ang pinsan niyang abogada.

“Salamat talaga nang marami, Sir Tom! Maasahan n’yo talagang mababayaran ’to,” sabi ni Mommy Hope.

Tumayo ang ginang at inabot ang kamay sa negosyante para makipag-handshake.

Napatingin si Love sa ina. Ang dila ng mommy niya? Ginto. Mabilis itong makakumbinse ng tao. Ang problema nga lang, hanggang pangako lang ito palagi.

“Thank you po,” sabi ni Love kay Mr. Tom sabay bigay ng tipid na ngiti.

Tango naman ang sagot ng lalaki.

Nagpaalam na sila at umuwi ng bahay para makapagpahinga na rin. Ieembalsamo pa kasi si Lola Kind bago ilagay sa kabaong. Bukas pa raw

malalamayan.

Nandoon na sa harap ng bahay nila at naghihintay ang boyfriend niyang si Lino. Sa kabilang kalye rin lang ito umuuwi at daig pa ang nag-doctorate sa Engineering dahil pitong taon nang nag-aaral ng kolehiyo. Mabarkada kasi. Tatlong buwan pa lang naman silang magkasintahan. Niregaluhan kasi siya ng *iPhone* ni Lino at ginagawa niyang service ang kotse nito, kaya sinagot na niya. May-ari ang pamilya nito ng malaking gusali sa kabilang kalye.

“Babe, I have donuts here for you,” ani Lino sabay abot ng isang malaking box ng *Go Nuts Donuts*.

“Thanks,” sabi niya sabay diretso sa kuwarto. Doon siya kumain mag-isa.

Bumukas ang pinto at pumasok ang kanyang ina. “Bakit mo iniwan si Lino na nakatunganga sa labas? Dapat doon ka sa kusina kumain at niyaya mo ’yung boyfriend mo. Ikaw talaga! May pinagmanahan ka!”

“Ikaw,” sagot niya, sabay hablot ng box at labas ng kusina.

Binigyan nga siya ng ina ng masamang tingin.

Nanood sila ng pelikula ni Lino sa sala at may nakita siyang matanda doon, kaya naluha siya pagkaalala kay Lola Kind. Spoiled kasi siya sa matanda.

Sa totoo lang ay hindi siya kailanman nalungkot nang ganito katindi. Ngayon lang talaga dahil nawala si Lola Kind. Tinatago niya lang sa loob ang pagluluksa niya.

Unang araw ng lamay ay dumating ang mga kapitbahay nila sa Kalye Masilang at sa Kalye Rosal. Siyempre, kailangan din nilang gumastos para sa pakain. Ang suweldo nga niya ang ginamit para doon. Gumawa siya ng peanut butter sandwich at iyon ang pinamudmod sa mga bisita.

“Nak, bigyan mo si Mr. Tom sa opisina niya,” utos ng mommy niya.

Tumayo si Love at bitbit ang isang sandwich, pumunta siya sa opisina ng may-ari ng punerarya. Bukas ang office kaya pumasok siya. Malawak ang opisina, kaya naisip niyang baka nasa banyo lang ito o kaya sa pantry.

“Hello po!” tawag niya.

Walang sagot.

Napatingin siya sa cabinet sa dulo kung saan may mga pictures ni Tom Istajera simula noong bata pa ito hanggang sa nagtapos ito ng kolehiyo sa *California State University*. Simula bata hanggang ngayon ay iisa lang talaga ang suot ng lalaki: itim na coat and tie. Minsan, tingin niya ang tanda na ng

lalaki, pero kung titingnan ang taon na nag-graduate ito ng high school sa *Ateneo*, baka mga around thirty years old pa lang ito.

“Ano ’yon?”

Lumingon siya at noon nakita ang papasok na si Tom Istajera.

“S’abi ni Mommy, bigyan ko raw kayo ng sandwich.”

Inabot ni Love ang peanut butter sandwich at tinanggap naman iyon ni Mr. Tom. Magpapasalamat sana ang lalaki nang may mga pumasok sa silid—si Ma’am Celia na ina ng lalaki at ang masayahing kapatid nitong si Ma’am Cherry.

“Allergic ’yan sa peanut butter, Love,” sabi sa kanya ni Ma’am Celia. Mabait naman ito kaso ay istrikto. Binigyan nga rin niya ito kanina ng tinapay dahil nakilamay din.

May kinuha ito mula sa ref na chocolate bar at ibinigay sa kanya.

“Si Kind dati ang muse noong kapanahunan namin,” kuwento ni Ma’am Celia. “Lahat ng mga lalaki sa magkatabing kalye dito ay nanliligaw sa kanya. Talent pa nga siya ng *Sampaguita Pictures* dati, kaso maagang nakipagtanan sa lolo mo at sixteen. You’re growing up to be as lovely as

her, Love. I heard lahat daw ng mga boys dito ay nanliligaw din sa 'yo."

Umiling siya.

"Really? I don't believe you, Love, sweetie," saad naman ni Ma'am Cherry. Ito lang ang medyo mabait sa tatlong magkakapatid. Nakikisalamuha ito sa mga kapitbahay kapag may birthday, graduation, at Christmas Party. Ang iba ay hindi mo talaga makikita na nakikipagkapwa-tao.

Umiling uli si Love para sabihing hindi lahat ay nanliligaw sa kanya. Tingin niya ay nilalambing siya ng dalawa dahil nga namatay ang lola niya.

"Sino namang baliw at bulag na hindi magkaka-crush sa 'yo, Love?" lambing pa ni Ma'am Cherry.

Itinuro niya ng tingin ang pamangkin nito na tahimik lang sa gilid at nakikinig sa kanila. Mukhang nabasa ng dalawang matanda ang tingin niya kaya kapwa natahimik at iniba ang usapan.

"Nagbayad na ba 'yong taga-Valenzuela?" untag ni Ma'am Celia sa anak. "Sabi sa promissory n'on, ngayon daw magbabayad."

Tumango si Tom.

Lumabas na si Love ng silid at bumalik sa lamay. Naroon si Atty. Perseverance, ang girlfriend ni Mr. Tom, at kausap nito ang mommy niya. Second

cousin niya ang abogada at dating sa gilid lang ng bahay nila naninirahan ang pamilya nito, hanggang sa nakabili ng magandang bahay sa Antipolo. Ang totoo niyan, war sila dahil sa pinag-aawayang boundary ng kanilang mga lupa. Nagpapader kasi ang mga magulang ng abogada at kinamkam ang sa kanila. Hindi nila nailaban iyon dahil hindi nila kaya ang gastos sa kasuhan.

Siguradong plastikan lang ang pag-uusap ng dalawa. Kapag sila-sila lang ay 'Ursula' ang tawag ng mommy niya kay Perseverance dahil medyo kamukha nito si *Ursula* sa *The Little Mermaid*.

Nairaos naman nila ang lamay ni Lola Kind. Ang lungkot nga ng bahay ngayong wala na ang matanda. Masayahin kasi ito kaya na-miss ni Love ang panglalambing nito. At ang masaklap, nawala na ang pension nito. Hindi rin kalakihan ang suweldo niya kaya nahirapan sila nang husto.

CHAPTER *Two*

Galit na galit si Love habang mini-message ang ina sa *Facebook Messenger*. Kakarating niya lang galing Cebu dahil pina-attend siya ng employer niya para sa isang pharmacy forum doon. Habang nasa eroplano siya kanina at papauwi ay nakita niya ang mga posts ni Tita Shana, best friend ng mommy niya, at nalaman niyang nasa Hong Kong ang dalawa. Saan naman kumuha ng pera ang kanyang ina?

Wala itong sagot sa message niya. Nang sumunod na araw ay nakita na naman niya ang picture ng dalawa na nasa Thailand. Pagdating ng Sabado ay doon naman sa Myanmar. Halos saksakin na niya ang laptop sa sobrang inis.

Dumating ang ina nang sumunod na linggo pa. Ang dami nitong bitbit.

“Saan kayo kumuha ng perang pang-travel n’yo?” seryosong tanong ni Love nang makita itong pumasok sa pintuan.

“Depressed kasi ako, ’nak, dahil wala na si Mommy Kind. Kaya nililibang ko muna ang sarili ko.”

“Ang tanong ko ay kung saan mo kinuha ang perang pang-travel mo?!” Hindi na niya maitago ang inis.

“Sa pension ng lola mo. Ni-release na nila ’yong death claims. Naisip kong ako naman ang nagpagod nang pabalik-balik doon sa insurance, kaya hindi naman masama na i-treat ko ang sarili ko.”

Halos mapaluhod talaga si Love sa inis. “Oh, my God! Oh, my God! Marami pa tayong utang na babayaran! Kay Tita Adele, sa mga Istajera, sa buchero doon sa palengke, sa panaderya, at kung saan-saan pa! Sana inuna mo muna ’yon bago ang sarili mo!”

“Mapag-iipunan naman natin ’yon.”

“*Natin?* Ako lang ang may trabaho sa atin at lahat ng suweldo ko ay napupunta sa mga bayarin natin sa bahay. Paano ko mapagkakasya ang twelve

thousand pesos? 'Yong mga barkada ko kung saan-saan na napupunta, ako halos makuba sa kakatrabaho at kakaraket."

"May tira naman, eh."

"Nasaan na ang tira? Ibigay mo sa akin para maiabot ko na doon sa pinakauutangan natin."

"Mamaya."

Dumiretso sa kuwarto nito ang mommy niya. Pagkalabas ay ibinigay nito ang isang sobre. Twenty thousand ang laman niyon.

"Mommy, one hundred thousand ang utang natin kay Tita Adele at ninety thousand sa mga Istajera! Paano ko mapapagkasya 'to?"

"Sabihin mong wala pa tayong pera," parang wala lang na sagot ng kanyang ina.

Naiyak talaga si Love sa inis.

Sobrang lakas na isinara niya ang pinto ng kuwarto niya para marinig ng ina at tumimo sa isipan nito kung anong katangahan ang ginawa nitong paggasta ng pera sa walang kuwentang bagay. Hinintay lang talaga siyang umalis papuntang Cebu bago lumarga.

Kinaumagahan, lalo siyang nangliit habang dumadaan sa harap ng *Funeraria Istajera*. Doon kasi ang daan niya bago marating ang botika kung

saan siya namamasukan. Kapal-mukha nga siya dahil taas-noo pa siyang rumarampa. Kapag may nakakasalubong siyang Istajera ay deadma lang as if wala silang utang, pero sa totoo ay parang maaagnas siya sa hiya. Minsan nga ay pinaringgan pa siya ng pinakamatanda, iyong si Dally Day. Mayroon daw taong masyadong mamahalin ang mga damit, pero baon naman sa utang. Hindi siya sure kung siya nga ba talaga ang pinaparinggan, galing ukay-ukay lang naman ang mga damit niya.

Ngayon araw ay si Tom Istajera naman ang nakasalubong niya. Pababa ang lalaki sa limousine kasama ang isang alalay. Hindi niya alam kung sa kanan aapak o sa kaliwa dahil magkakasalubong sila.

“Careful,” sambit ng lalaki nang makita siyang muntik nang madapa. Mabuti nga at hindi.

Binalanse ni Love ang sarili at ibinalik ang postura bago diniretso ang lakad.

Habang nasa trabaho ay puro utang nila ang kanyang iniisip. Hinayang na hinayang talaga siya sa death claims ni Lola Kind.

Pagkauwi niya kinahapunan ay nakasalubong niya ang sekretarya ni Atty. Perseverance. May pinapabigay itong sulat sa mommy niya. Nagpasalamat siya bago pumasok sa bahay.

Nandoon ang kanyang ina at nagmemerienda ng spaghetti. Saan na naman kaya nito iniutang ang pambili ng spaghetti na iyon?

Inabot niya ang sulat. Binasa iyon ng mommy niya at itinago sa bulsa nito.

“Ano ’yon?” walang tiwalang tanong niya.

“Wala!” At bumalik ito sa kinakain.

Pumasok naman siya sa kuwarto niya at noon nag-ring ang kanyang telepono. Si Tita Adele.

“Sabihan mo ang mommy mo na sagutin ang tawag ko!” galit na galit na sigaw sa kanya ng tiyahin.

“Sandali po!” sabi ni Love. Lumabas siya ng kuwarto at inabot ang phone sa ina.

“Hello!” anang mommy niya. At napalaki ang mga mata nito sa inis sa kanya nang malamang si Tita Adele pala ang nasa kabilang linya. Rinig na rinig niya ang sigaw ng tiyahin sa phone.

Pagkatapos ng tawag ay galit na galit na ang kanyang ina sa mga kamag-anak nila. “Yang Adele at Perseverance na ’yan, mga traydor! Lalo na ’yang Perseverance na ’yan! Parang hindi kadugo! Ang mga Istajera pa ba naman ang kampihan!”

Napailing na lang si Love. Hula niya ay tungkol sa utang nila ang sulat ng abogada.

Huwebes ng hapon, dumating ang summon

galing barangay. Pinapatawag daw sila ni Tom Istajera sa Sabado para pag-usapan ang kanilang utang. May pasok siya sa trabaho kaya nagpaalam siya sa may-ari ng botika. Pinayagan naman siya.

Alas dos ay pumunta na sila ng mommy niya sa barangay hall. Ayaw ng mommy niya, pero pinilit niya ito dahil baka ipapulis na sila. Nakakahiya sa mga kapitbahay.

Maraming tao sa barangay hall. Nandoon pa iyong pinsan ni Lino na galit sa kanya dahil nakipag-break siya sa lalaki noong isang buwan at nagtangka itong magpakamatay. Namimilit kasing sumiping, eh ayaw niya. Hindi pa siya handa, at isa pa, paano kung mabuntis siya? Wala pang maipapakain ang isang iyon at baka maging pangit ang anak niya. Pinabalik niya ang *iPhone* na binigay nito para tapos na ang usapan.

Masama ang tingin sa kanya ng pinsan ng ex niya. Binigyan niya rin ito ng matalim na tingin. Bakit sila lang ba marunong tumitig nang masama?

Paglingon ni Love, nakita niya si Mr. Tom Istajera na mag-isang nakaupo sa upuan. Ibinaba na lang niya ang tingin. Masakit mang aminin pero parang silang mag-ina talaga ang Public Enemy No.1 and 2 sa baranggay nila.

Pagkapasok nila sa sala ng barangay captain ay pumasok na rin si Tom Istajera. Inumpisahan din ng kapitan na ayusin ang kanila ng problema.

“Nangako kasi kayo, Ma’am Hope, na babayaran n’yo kami kapag dumating na ang death claims n’yo. Dumating na nga, pero hindi n’yo naman kami inalala,” malumanay na sabi ni Tom.

“Pasensya na kayo, Sir Tom,” sagot naman ng mommy niya habang napapaluha. “Na-depress kasi ako at may mga oras talaga na gusto ko nang magpakamatay. S’abi ko nga sa sarili ko, kung hindi ako lalabas ng bansa ay baka mag-suicide ako rito. Kawawa naman ang anak ko. Saan kukuha ng pampalibing ko ’yan?”

“Ma!” saway niya sa ina. Nakakahiya ang drama nito. Siya na ang nagsalita. “Wala po kaming pera. Wala po kaming pambayad. Kung gusto n’yo po, ako na lang ang maglilinis ng punerarya sa gabi pagkauwi ko galing botika.”

“Sir?” tanong ng kapitan sa suhestiyon niya.

Hindi naman nagsalita si Tom Istajera.

“Sir Tom, kahit siguro mag-tumbling kayo ay hindi talaga babayaran ni Mommy ’yong inutang niya. Kahit po one year at six months po akong maging janitress sa gabi, payag po ako para lang

mabayaran kayo.”

Hindi gusto ni Mr. Istajera ang ideyang iyon, base sa hitsura nito, pero pumayag nang kinalaunan.

“May magagawa pa ba ’ko?” tanong pa ng lalaki.

“Yon naman pala, eh,” anang kapitan. “Kung nagkakaintindihan na, eh di, sarado na ang usapan.”

Sumabay sila ng mommy niya kay Mr. Istajera sa paglabas sa barangay hall.

“Sir Tom, salamat talaga ha. Hayaan mo at pag-iigihan ni Love ang pagtatrabaho sa inyo.”

Isang tango ang sagot ng binata. “Ihahatid ko na kayo sa inyo. May dala akong sasakyan.”

Naroon nga ang limousine na ginagamit din nitong karo ng patay. Double-seater nga naman kasi ang sasakyan.

“Ikaw na sa unahan, Love,” sabi ng mommy niya.

Umupo siya sa unahan. Napansin niyang mahahaba nga talaga ang binti ni Istajera dahil napupuno nito ang seater. Ito na yata ang may pinakahabang legs na nakita niya.

Pagtaas niya ng tingin, napansin niyang nakatitig pala ito sa kanya.

“Are you sure you can work as a janitress?” tanong nito sa mabait na boses.

Umiling siya. “But I will try.”

“Malinis sa bahay ’yan, Sir Tom,” sabad ng kanyang ina mula sa likuran. “Kay Mommy Kind ’yan nagmana at hindi sa akin.”

Malapit lang naman ang kanila kaya ilang minuto lamang at nasa harapan na sila ng bahay nila.

“I’ll start tomorrow po,” paalam niya sa lalaki habang pababa ng kotse.

“D’aan ka muna sa bahay. May niluto akong baked mac doon. Testing dahil plano kong maglako ng merienda para makatulong sa anak ko,” aya ng mommy niya kay Mr. Tom.

“Huwag na lang po. Uwi na lang ako.”

“Ay, hindi puwede!” Hinawakan talaga ng mommy niya ang binata at hinila papasok ng bahay. Walang nagawa si Istajera.

Nagmadali naman si Love. May gig kasi siya ngayong gabi. Kinuha siyang usherette sa product launch ng isang bagong laptop sa Pasig. Dapat mga alas ocho ng gabi ay nasa venue na siya. May gusto nga sana siyang sabihin sa mommy niya, pero bukas na lang siguro.

Hinablot niya ang silk tank top na ibinigay sa kanya ng kanilang coordinator at isinuot. Hindi niya mai-zipper dahil naipit doon ang mahaba niyang buhok. Bumaba siya at nagpatulong sa mommy niya.

Pumuwesto siya sa harap ng salamin.

“Excuse muna, Tommie ha.” Tumayo ang kanyang ina at pumunta sa likuran niya.

Hindi niya pinansin ang pagtawag nito sa lalaki. Baka nadaan na ito sa bola ng mommy niya kaya nickname na ang tawag kay Mr. Istajera.

“Parang mumurahin ’tong top n’yo, ’nak. Parang panget ang tela,” anang mommy niya.

Naialis naman nito ang buhok niyang naipit, pero nahirapang magtaas ng zipper. Hinawakan nito nang maigi ang ilalim at hinila nang buong puwersa ang zipper.

At pumutok ang top! Sa napakabilis na segundo ay nahulog iyon sa sahig. Wala pa naman siyang suot na bra dahil may built-in padding ang top. Kitang-kita ni Love sa salamin ang nakabuyangyang niyang dibdib at ang reflection ni Tom Istajera na nakatingin.

Sabay silang napa-dive sa sahig ng mommy niya para kunin ang top. Nagsalpukan pa nga ang kanilang mga ulo.

“Mommy naman, eh!” asik niya.

“Ako pa ang may kasalanan? Pagsabihan mo ’yang coordinator n’yo na huwag kayong pagsuotin nang ganyan! Mabuti nga at nandito ka pa lang.

Paano kung sa event 'yan nangyari? 'Kahiya ka ha!"

Napahiyang pumunta si Love sa itaas para magbihis. Nagbihis na lang siya ng ibang damit at nagdala ng sinulid para ipatahi sa sinumang nandoon ang uniporme niya.

Hindi siya makatingin kay Istajera habang palabas ng bahay. Narinig niya pa ang mommy niya na sinasabi sa binata na may pagkaimpaktita raw siya.

CHAPTER *Three*

“*W*hat?!” sabay-sabay na sigaw ng tatlong magkakapatid na Istajera nang sinabi ni Tom na magiging janitress si Love sa kanila para makabayad ng utang.

“Nakita mo ang hitsura ng batang ’yon?” untag ni Celia sa naiiskandalong mukha. “Parang hindi nga gumagawa ng gawaing-bahay ’yon. Narinig kong si Kind daw gumagawa ng lahat sa kanila, tapos gumagala lang ’yang si Love.”

“Lugi tayo kung ganoon,” sali ni Dally Day. “Kuwentahin n’yo: kung tuwing gabi lang, dapat three thousand lang ang suweldo sa isang buwan. Three thousand times eighteen months. Almost sixty thousand. Eh, halos noventa ang utang ng mga ’yan.

Discounted pa 'yon nang malaki. Kabaong pa lang ay gusto talaga ni Hope na bongga. Eh, ang ibang serbisyo pa?"

"Parang lugi nga," segunda ni Cherry. "Pero p'wede naman nating gawing receptionist 'yung bata dahil maganda. Sabagay, gabi naman kaya maraming tao rito sa atin."

"Maganda sa maganda, pero ang work ethics niyan? Baka isang gabi lang 'yan, suko na?" ani Celia.

"Eh, paano makakabayad ang mga 'yon kung hindi natin tatanggapin ang alok?" tanong ni Tom sa mga kaanak. "Sabagay, nag-resign na si Dodoy. Habang wala pa tayong nakikitang kapalit, puwede namang si Love ang maglinis-linis."

"Siguraduhin mo lang na magtatrabaho talaga 'yan ha," hirit ni Dally Day. "Kapag nakita ko siyang patamad-tamad, makakatikim siya ng sermon sa akin."

"Oo," turan ni Tom.

Lumabas na agad siya ng bahay para makaiwas sa mga kaanak at makapunta sa workshop. Ngayon lang niya sinabi sa mga ito na kinuha niya si Love na janitress dahil sigurado siyang mag-aamok ang magkakapatid. Tama nga dahil wagas ang mga reaksiyon ng mga ito.

Dumiretso siya sa workshop sa likuran ng punerarya para tingnan ang disenyo ng kabaong na ginagawa nila para sa kliyenteng Intsik. Gusto kasi nito na may maraming dragon daw. Hindi pa naman namamatay ang lalaki, pero gusto na raw nitong maghanda para hindi na mahirapan sa gastos ang mga kapamilya.

May natanggap siyang text: *'Hi, Sir! I'm Bodjie from Bacolod. Nakita ko po yung advertisement nyo na nangangailangan kayo ng embalsamador. May 6 yrs experience na po ako sa pag-eembalsamo. May ini-email po ako sa inyo na resume.'*

'I'll check,' response niya.

Binasa niya ang resumé at maganda ang mga nakita niya. Presentable din ang hitsura ng lalaki. Tinanong niya kung kailan ito puwedeng ma-interview.

'Bukas po, Sir. Dito po ako nangungupahan sa Pembo.'

Sinabihan naman niyang pumunta ito nang mga alas tres dahil may burol sila bukas.

Dumiretso siya sa opisina niya para magbukas ng mga email. Marami kasi silang inquiries online. Siya na mismo ang sumasagot kapag may oras siya. Nang masagot ang lahat ay nagbasa siya ng nobela

ni Ian Rankin. Minsan lang siya makahanap ng oras kaya nilulubos na niya.

Natapos niya ang buong libro bandang alas cinco nang may nag-text.

'Hi, Sir Tom. Si Love 'to. I got your number from Atty. Perseverance. Saan po ako didiretso dyan sa inyo?'

Bigla na namang sumambulat sa isipan niya ang dibdib ni Love. Those were pink nipples. Madalang makahanap ng ganoon sa mga Pinay. Kastilain naman kasi ang lahi nila Love kaya siguro pinkish at maputi ang balat.

Inalis niya agad ang imahe sa kanyang utak. Pangit naman na pagnasaan niya ang dalaga, lalo na ngayong magiging empleyado niya pa ito.

'Sa office ko na lang. Hanapin mo ako.'

'Ok,' text back nito.



Hindi alam ni Love kung paano ba dapat kaharapin si Tom Istajera. Sumasakit talaga ang ulo niya kapag naaalala ang repleksyon nito sa salamin habang nakatingin sa kanyang dibdib.

Pagdating sa bahay nang nakaraang gabi ay hinanap niya ang ina. Sinabihan niyang ito na lang ang magtrabahong janitress. Umayaw ang ginang

dahil magsisimula na rin daw itong maging assistant ng kaibigan ni Tita Shara tuwing alas tres ng hapon hanggang alas nueve ng gabi. Tapos sa umaga ay naglalako ito ng merienda sa mga bangko at factory doon sa highway.

Nakakawalang-poise ang mga trabaho nila, pero sa kanilang sitwasyon, hindi talaga matalinong magpasosyal. Iyong suweldo nga niya sa botika ay didiretso kay Tita Adele kaya wala na siyang pang-OOTD.

Napapabuntong-hininga siya habang naiisip ang kanilang sitwasyon. Titiisin na lang niya hanggang sa makalabas sila sa delubyo.

Wala si Mommy Hope pagdating niya ng bahay at sana nga ay nasa trabaho talaga ito. Niyaya niya si Laura at sumama naman sa kanya ang kaibigan.

Dumiretso sila sa punerarya at may 'guardia civil' agad na nakabantay sa entrada: si Dally Day, suot ang tingin na 'I-don't-trust-you-girls.'

Binigyan nila ito ng tipid na ngiti. Hindi sila sinuklian.

"Hintayin mo 'ko rito ha," sabi niya kay Laura habang nasa labas sila ng pintuan ng opisina. Kumatok siya at inabutan doon ang sekretarya.

"P'asok ka raw sabi ni Sir, Love," sabi ni Bb. Cecil.

Dumiretso siya sa opisina ng lalaki. Hindi niya alam kung paano ito haharapin. Siguro kakapalan na lang niya ang mukha. Kumatok siya nang kaunti at tinulak ang pinto.

Tinaas naman ni Tom Istajera ang tingin mula sa binabasa sa laptop. “A minute, Love, may tinatapos pa ako. Have a seat.”

Umupo na lang siya sa upuan at itinuon ang tingin sa kuko. Napapatanong siya kung ano ang umaandar sa utak ng lalaki. Sana nakalimutan na nito ang nakita sa salamin. Nakakahiya!

Tiningnan nga niya ang binata. Abala ito sa ginagawa. Mayamaya ay itinaas nito ang paningin para tingnan siya kaya ibinalik na niya ang tingin sa kuko.

Mga limang minuto siyang naghintay bago tumayo ang lalaki.

“Follow me.”

Bumuntot siya rito sa paglabas ng opisina. Sinenyasan niya si Laura na maghintay lang sandali dahil may pupuntahan sila. Pumunta sila sa elevator sa likuran at dumiretso sa fourth floor. Pagbukas pa lang ng elevator ay kinabahan na agad siya dahil isang may kadilimang hallway ang kanilang natunghayan.

Dumiretso sila sa ikalawang pinto at binuksan ng lalaki ang isang malaking silid kung saan may stainless steel na embalming station, ilang kabaong at isang hilera ng freezer. Amoy pa lang ng formalin ay pamatay na. Tapos, nakakatakot ding tingnan ang embalming station sa mga hose na nakakabit at iyong pangkatay.

Pagkasarado ng lalaki ng pinto ay parang sa palaka na napatalon siya at napahawak sa braso nito.

“Sir Tommie, puwede bang sa chapel na lang ako maglilinis? Di ko keribels dito,” sabi niya.

Sumeryoso ang mukha ng lalaki. “Ito ang lugar na gusto kong palaging palinisan, not the chapel.”

Itinuro niya ang freezer. “Ano po ang laman niyan?”

“Bangkay,” tugon ng lalaki na parang wala lang.

Halos mangisay naman siya sa takot. Nang magprisinta siya, itsura ng chapel ang pumapasok sa isipan niya. Hindi man lang sumagi sa kanyang utak itong embalming station.

“You can start cleaning now.” Itinuro ng lalaki ang mop at basahan sa gilid. Nag-abot din ito ng mga disposable na mahahabang gloves. “Tawagin mo lang ako sa office kapag may kailangan ka.” At dumiretso na ito sa pintuan.

“Wait!” sigaw ni Love. Iwan ba siyang mag-isa rito? “Ahhh... Kailangan ko pang kausapin si Laura.”

“Okay.”

Sumabay na siya rito sa pagsakay sa elevator. Pagkababa ay dumiretso agad si Tom Istajera sa opisina nito. Dumiretso naman siya kay Laura.

“Okay ka lang? Nagmukha kang multo sa putla, ah!” tanong ng kaibigan.

Umiling si Love. Sinenyasan niya si Laura na lumabas na sila ng punerarya.

“Bruha, akala ko magtatrabaho ka diyan? Bakit papauwi tayo?” tanong ng kasama habang naglalakad sila pauwi.

“Hindi ko kaya! Nakakatakot doon.”

Dumiretso na lang siya sa bahay at naglaba ng mga damit. Alas onse umuwi ang mommy niya. Papatulog na nga sana siya noon.

“Kamusta naman ang pag-volunteer mo doon sa punerarya,” tanong ng ina.

“I changed my mind, Mom. Sa ’taas kasi ako paglilinisin at nakakatakot doon.”

Nagbigay ng naiskandalong tingin ang ina. “Lovielyn, hindi ka puwedeng umatras. May pinirmahan tayong kasulatan d’un sa kapitan!”

“Kung kayo na lang kaya ang magprisinta d’un?

Tutal kayo naman ang umubos ng claims,” sagot ni Love.

“Oo na,” sagot ng ina. “Ako nga ang umubos at eto na, pinananagutan ko na! ’Nak, tulungan mo naman ako. Kaunting tiis lang ’to at makakalabas din tayo. Oo nga at nakakahiya itong sitwasyon natin, pero para naman kay Lola Kind ’to, di ba? Noong buhay ang matanda, lahat ng problema natin, siya rin ang taga-salo. ’Yung tuition mo, kapag nagkakasakit ka, lahat ng mga sinalihan mo... narinig ba natin ni minsan si Lola Kind na nagreklamo?”

Natahimik si Love. Totoo naman kasi na lahat ng hingin niya ay ibinigay ng matanda hanggang sa makakaya nito. Noong nawalan ng trabaho ang nanay niya, siguradong nagutom sila kung hindi dahil sa matanda.

“Okay. Hihingi na lang ako ng pasensya doon bukas. Natakot kasi ako,” sagot niya.

“Sasamahan kita.” Seryosong tumingin sa kanya ang ina. “At isa pang importante, Lovielyn! Huwag na huwag kang magpakita na nandidiri ka sa pang-eembalsamo o anumang makita mo doon. Marangal na hanapbuhay ang pagseserbisyo sa patay. Baka ma-offend mo ang mga Istajera kapag nag-inarte ka doon. Kaya never, never talaga ang diri-diri na ’yan

ha! Nakakahiya.”

“Opo,” tanging nasabi ni Love.



“Sir, nandito na po si Bodjie Sarmiento. Papapasukin ko na po ba?” tanong ni Bb. Cecil kay Tom na may tinatapos sa laptop na disenyo ng kabaong. Siya na rin kasi ang gumagawa ng ibang mga designs. Mayroon din siyang dalawang freelancer at sa *Skype* lang sila nag-uusap.

Ang mga dimples na parang kay Aga Muhlach ang unang napansin niya kay Bodjie. Maliit itong lalaki pero may hitsura dahil maganda ang ngiti, parang sumasayaw pa ang mga mata.

“Hi, Sir!” bati ng lalaki.

Pinaupo niya ito sa harap niya at nag-umpisa silang mag-usap. Ulila daw sa magulang ang lalaki. Lumaki sa lola, at sa Bacolod pinanganak at nag-aral. Nagtrabaho raw ito sa mga fast food chains para mapaaral ang sarili sa kolehiyo. Undergraduate sa pagsi-seaman at kumuha ng Certificate of Embalming sa Cebu.

Tiningnan ni Tom ang mga dokumento ng lalaki. May *NBI*, police clearance, birth certificate, grades sa dating pinasukang kolehiyo, at diploma ng high school. Mayroon din itong mga referrals.

Sinabihan niya ang lalaki na tatawagan nila ito kung matatanggap. Nang makaalis ang lalaki ay pinatawagan niya ang mga referrals nito at okay naman. Inutusan niya si Bb. Cecil na tawagan ito bukas at pabalikin.

Pagkatapos, dumating ang mag-inang Hope at Love.

“Tommie, natatakot kasi si Love doon sa itaas. Suhestyon ko nga na samahan mo muna siya roon nang mga ilang araw hanggang sa masanay. Kung masanay ’yan doon ay siguradong hindi na ’yan matatakot.”

Napatingin siya sa dalaga. Napayuko ito.

Gusto nga niyang sabihin sa mag-ina na pabigat lang ang pinapagawa ng dalawa sa kanya. Siyempre marami rin siyang kailangang tapusin, tapos sasamahan niya pa si Love sa itaas? Kinagat na lang niya ang dila dahil ayaw niyang makasabi ng masama sa kapwa. Hindi kasi siya prangkang tao.

“Sige,” pagpayag ni Tom. “Pero dalawang araw lang. Tapos, tutulungan na ni Love ang sarili niya.”

“Sige po,” sagot ni Hope. At nagpaalam na ito dahil nagpaalam lang daw saglit sa trabaho.

Kinuha naman niya ang charger ng laptop niya at sinenyasan si Love na sumunod sa kanya. Doon na

lang niya tatapusin ang trabaho sa itaas. Bumuntot sa kanya ang babae at nang nasa embalming room na sila ay sumama na naman ang mukha nito, pero dumiretso sa gilid para kunin ang mop at walis. Inilagay nito ang mop sa floor sink at nagwalis muna.

“Pakipunasan din ’to dahil may idi-deliver dito mamaya na bangkay, mga eight p.m.,” sabi niya.

“Sige,” sagot ng dalaga sa mabigat na mukha, parang naduduwal pa nga.

Hinila niya ang isang silya at doon pumuwesto para matapos ang ginagawa sa *CorelDRAW*.

Minsan itinataas niya ang tingin para tingnan ang ginagawa ni Love. Maliit nga naman pala talaga ang bewang nito.

Naalala niyang friends sila nito sa *Facebook* dahil nag-friend request ito sa kanya six years ago. High school pa si Love noon. Hindi na nga niya na-open ang account nang three years na. Ang last na picture na nakita niya sa *FB* ay ang bikini pic ni Love sa Palawan noong college vacation. Ang totoo ay napatitig din siya doon noon.

Binuksan nga ni Tom ang *FB* account at sinalubong siya ng maraming messages, friend requests, at notifications. Mukha pa rin ni Love ang una niyang nakita. Isang picture ay may six hundred

plus likes na. Marami ngang nagko-comment na taga-ibang lahi. Ini-slide niya ang mga profile pics nito. Naka-T-shirt at dresses ang mga unang pics, pero ang pangpito ay naka-bikini ito at nakataas kili-kili pa.

“Sir, saan ang—”

Napataas si Tom ng tingin. Nasa gilid niya pala si Love at kita nito ang bikini pic nito sa laptop niya. Mabilis niyang sinara ang screen.

“Ahh... Nasaan po ang basahan para sa higaan na 'yan?” tanong nito.

Tumayo siya at kinuha iyon sa cupboard. Pigilhininga naman itong inabot ni Love at ipinangpunas sa embalming table.

Ibinalik naman niya ang atensyon sa tinatapos na disenyo ng kabaong at umaktong parang hindi siya nahuling tumitingin sa mga litrato ng dalaga. Tahimik namang nagtrabaho si Lovielyn hanggang sa nag-alas ocho na. Tapos, nagpaalam na ito na uuwi.

CHAPTER *Four*

*H*alos mapuno na ng newspaper clippings ang isang photo album na nasa higaan. Hinablot ito ni Bodjie at inilagay sa backpack na tanging kasa-kasama niya kung saan man siya mapadpad. Ang mga clippings na iyon ay mga news story ng mga nawawalang taong masasabi niyang siya lang ang nakakaalam kung nasaan.

Tiningnan niya uli ang mga iyon. Karamihan ay babae at mestisahin. Ang mga lalaki naman ay Tsinito. Iyon kasi ang mga hilig niya. Kapag may natitipuhan siya ay gagawin niya ang lahat para mapasakanya kahit saan pa umabot.

Dito siya sa likuran ng abandonadong gusali tumutuloy. Dati ay sa isang paupahan sa Quezon

City, kaso nagsimulang magreklamo ang mga kapitbahay dahil sa masamang amoy kaya nilisan na niya ang lugar, bago pa may makatuklas ng sekreto niya at dakpin siya ng mga pulis. Dito, walang pumupuna sa kanya. Pero noong isang linggo ay may nagkabit ng 'For Demolition' na signage sa gusali.

Mayamaya ay siguradong magdadatingan na ang mga tao at mapupuno na ang lugar, kaya naghanap na siya ng malilipatan. Wala nang mas perpektong lugar kundi ang isang punerarya. Nakapagtrabaho na rin siya sa tatlong punerarya at ito na ang kanyang pang-apat.

Nang wala nang naiwang gamit sa kubo na gawa sa karton ay lumabas na si Bodjie at tiningnan ang pagtupok ng apoy sa mga bagay na gusto niyang sunugin. Mahirap na at baka may makatuklas pa. Kailangan niyang mag-ingat nang maigi kaya dapat pati ang mga buto ay matupok ng apoy.

Sinigurado niyang tupok ang lahat bago siya umalis ng lugar at pumara ng jeep papunta sa bagong uupahan niya. Itinulog niya roon ang nalalabing oras bago naligo, nagbihis, at dumiretso sa bago niyang trabaho sa *Funeraria Istajera*.

Ibinaba siya ng jeep sa highway at naglalakad siya sa harapan ng *LBC* nang may nakasalubong

siyang sobrang puting babae. Sobrang ganda, nakakasilaw. Ni minsan ay hindi pa siya napatigil nang ganito. Sa dalawampu't pitong taon na namumuhay siya sa mundong ibabaw ay hindi siya kailanman nakaramdam ng ganitong pagkabigla.

Tiningnan niya ang oras. May tatlumpong minuto pa siya bago mag-alas ocho kaya sinundan na niya ang perpektong ganda.

Bumuntot si Bodjie sa babae. Mukha itong palakaibigan dahil kinakausap ang lahat. Huminto ito sa gasolinahan at pinatingnan sa gasoline boy ang dalang basket. Mayamaya, tinawag ito ng isang matandang babaeng nagja-jogging.

“Hope, ano ’yan?”

“Eto, nagbebenta ako ng merienda,” sabi ni ganda. “Baka gusto mo? Champorado ’to, saktong pang-almusal sa umaga.”

“Ihatid mo sa bahay, ah. Doon na lang ang bayad.”

“Okay,” sagot ni ganda.

Tumakbo pagkatapos ang dalawang babae. Narinig niya pa ang sinabi ng isa. “Bakit ka pa magbabayad sa bruhang ’yan, eh di ba, may utang pa sa ’yo ’yan?”

Kung hindi lang ito ang unang pasok ni Bodjie,

susundan niya talaga si ganda kung saan man ito pupunta, pero kailangan niya ng trabaho para may maipangkain.

“Bye, ganda!” sabi niya bago lumiko para dumiretso sa punerarya.

Pagdating niya ay may tila estatwa na parang sa lawin kung makatingin, nakatayo ito sa labas. Dally Day yata ang pangalan.

“Good morning, Ma’am!” masaya niyang bati.

Hindi man lang sinagot ang ngiti niya. Saksakin niya kaya ngayon-ngayon din?

Dumiretso si Bodjie sa opisina ni Mr. Istajera at binati naman siya nito ng magandang umaga. Dumiretso na sila sa itaas at doon ay pinagtulungan nilang iembalsamo ang tatlong patay.

Sa apat na punerarya na napagtrabahuhan niya, ito ang pinakamakabago ang mga gamit. High tech ba. Iyong una ay doon sa Iligan ay halos panahon pa ng giyera ang kagamitan.

Mga alas cuatro ay may dumating pang isang bangkay. Tinatapos nila ang isa nang biglang bumukas ang pintuan at may pumasok na babae. Napahiyaw ito nang makita ang nakabukas na tiyan na bangkay at ang mga isaw na kinukuha nila. Mayamaya ay napatumba ito sa sahig.

“Sh*t!” mura ni Mr. Istajera sabay hubad ng mahabang guwantes sa kamay at ang roba. Tinakbo nito pagkatapos ang babae. “Love, are you okay?” Binuhat nito ang babae palabas ng kuwarto.

“Bodjie, dalhan mo ako ng papel o pamaypay diyan!” sigaw ng amo sa kanya.

Mabilis naman siyang gumalaw. Lumabas siya sa silid at tumakbo sa bintana sa hallway kung saan dinala ng amo ang babae.

Nagising din agad ang huli. Tapos napaluha ito, pero agad ding pinakalma ang sarili.

“Sorry, nabigla lang po ako,” anito habang itinatayo ang sarili. Pero mukhang lumilibot pa siguro ang paningin kaya hindi sakto ang pagtayo at natumba uli sa dibdib ni Mr. Istajera.

Napatitig si Bodjie dahil sobrang puti nito, kaso nga lang ay payatot. Ayaw niya ng payat. Gusto niya iyong malaman tulad ni ganda kanina. At parang magkamukha ang dalawa.

“Don’t force yourself. Dahan-dahan lang,” bilin ni Mr. Istajera habang inaalalayan ang babae na tumayo.

Nang nahimasmasan ang babae ay niyaya silang dalawa ni Mr. Istajera na kumain sa *Jollibee* sa harap.

“Kanina pa tayo nagtratabaho kaya we deserve

a treat,” sabi pa nito.

Naghugas muna sila ni Sir Tom bago nila niyaya mula sa isang chapel si Love. Sumama naman ang babae. Sabay na naglakad ang dalawa habang nasa likuran naman siya.

“May boyfriend ka na ba, Love?” tanong ni Mr. Istajera.

“Wala pa.”

“Sa ganda mong ’yan, sinong bulag ang hindi magkakagusto sa ’yo?”

“Ikaw,” pasimpleng tugon ng babae sabay bukas ng pintuan ng *Jollibee* sa harapan ni Mr. Istajera.

Napaatras ang huli at napasumbong sa kanya. “Maldita.”

Nang makaupo silang tatlo ay binigyan ni Mr. Istajera si Love ng pera. Binilhan sila ng spaghetti at burger with fries.

“Keep that,” anito sa babae nang binigay ng huli ang sukli.

“Sige na. Baka matsismis pa ’kong pineperahan kita,” sabi ng dalaga.

“And you really bother about what they think? I heard lahat daw ng suweldo mo ay napupunta kay Adele, so paano ka na nabubuhay?” tanong ng amo.

“Hindi naman ako nagbabayad ng pamasah.

At saka diet.”

Tahimik na ngumuya ng pagkain ang amo dahil sa narinig. Nagsalita ito pagkatapos. “If you want, babayaran ko ang kalahati ng trabaho mo, but you’ll be working for me for three years.”

Isang naiinis na tingin ang ibinigay ni Love. “Imbes na matapos agad ang kalbaryo ko, lalong humaba.”

“I just want to help,” sabi ni Mr. Istajera bago ibinalik ang atensyon sa pagkain. Ayaw siguro nitong masamain pa ang kagustuhan nitong tumulong.

Mukhang nabasa naman iyon ng babae, kaya biglang binawi. Sa mahinahong salita ay nagpaliwanag ito. “Gusto ko kasing makalabas nang mas maaga sa problema namin. Kahit wala akong sahurin, basta matapos lang.”

Tumango si Mr. Istajera. Matagal itong tahimik na kumain bago nagsalita. “What made you think I don’t like you, Love?”

Natigil sa pagnguya ang babae. Mukhang hindi na-gets ang sinabi ni Mr. Istajera. “Pardon?”

“Wala. S’abi ko cute ka, masama nga lang ang ugali.”

“Ako, masama ang ugali? Excuse me, sweet, kind angel kaya ako.”

“Sige na nga.”

At tahimik na kumain ang dalawa. Naisip ni Bodjie na mukhang nagliligawan ang dalawa.

Bahala sila. Basta siya ay may ‘ganda’ na. Kailangan niyang mahanap kung nasaan na ang babae. Baka dito lang. Baka nga kapatid ng Love na ito.